Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

File

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 27, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

*DUMALO:*

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Ramon D. Tan* | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Angelito U. Limjuco* | ..... | *Kagawad* |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

*DI-DUMALO*

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |

**KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 17- T2009**

**KAUTUSANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 1 NG PAMAHALAANG BAYAN NA NAGKAKAHALAGA NG WALONG MILYON APATNARAAN TATLUMPU'T APAT NA LIBO DALAWANG DAAN WALUMPU'T APAT NA PISO AT TATLUMPU'T LIMANG SENTIMOS (Php8,434,284.35) MULA SA KARAGDAGANG INTERNAL REVENUE ALLOTMENT PARA SA TAONG 2009 NA NAGKAKAHALAGA NG Php13,834,009.00 UPANG PAGLAANAN ANG KARAGDAGANG PONDO PARA SA KALAMIDAD (5%) (Php691,700.45), KARAGDAGANG PONDO SA REPRESENTASYON AND TRANSPORTATION ALLOWANCE (Php353,160.00), PONDO PARA SA MONETIZATION OF 22 DAYS LEAVE CREDITS (Php3,254,420.34), KARAGDAGANG PONDO PARA SA TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN (KABUUANG HALAGANG Php3,173,303.56), TANGGAPAN NG PANGALAWANG PUNONG BAYAN (KABUUANG HALAGANG Php111,700.00) AT TANGGAPAN NG PANGKALAHATANG PAGLILINGKOD (KABUUANG HALAGANG Php850,000.00).**

**SAPAGKA'T,** *iniharap at tinalakay* ng Kgg. Sangguniang Bayan ang kahilingan ng Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas na mapagtibay ang Karagdagang Badyet Blg. 1 na nagkakahalaga ng Php8,434,284.35 mula sa karagdagang Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 na nagkakahalaga ng Php13,834,009.00;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing karagdagang badyet ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pag-aaral at malaman ang magandang adhikaing mapaglaanan ang mga proyekto, programa at gawain at kapakanan ng mga naglilingkod sa pamahalaan ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi na pagtibayin na ang nasabing kahilingan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na:

**SEKSYON 1** – Ilaan ang halagang P8,434,284.35 bilang Karagdagang Badyet Blg. 1 mula sa karagdagang Internal Revenue Allotment sa taong 2009 na may kabuuang halagang P13,834,009.00 para sa mga sumusunod na proyekto at programa:

| | |
|---|---|
| a. Karagdagang Pondo sa Kalamidad (5%) | Php 691,700.45 |
| b. Karagdagang Pondo sa Representation and Transportation Allowance | 353,160.00 |
| c. Pondo para sa Monetization of 22 days Leave Credits | 3,254,420.34 |
| d. Karagdagang Pondo para sa Tanggapan ng Punong Bayan | |
| 1. Terminal leave – Benjamin Ambrosio | 573,303.56 |
| 2. Overtime Pay | 200,000.00 |
| 3. Travelling Expenses | 300,000.00 |
| 4. Training and Seminar Expenses | 300,000.00 |
| 5. Office Supplies Expenses | 300,000.00 |

| | |
|---|---|
| 6. Other Supplies Expenses | 250,000.00 |
| 7. Telephone Expenses – Landline | 150,000.00 |
| 8. Representation Expenses | 350,000.00 |
| 9. Grants and Donations | 350,000.00 |
| 10. Capital Outlay – Motor Vehicle – (Counterpart- Ambulance) | 400,000.00 |
| e. Tanggapan ng Pangalawang Punong Bayan | |
| 1. Other Supplies Expenses | 100,000.00 |
| 2. Communication Equipment (Cellphone) | 11,700.00 |
| f. Tanggapan ng Pangkalahatang Serbisyo | |
| 1. Other Supplies Expenses (S.B. Members P80,000.00 each) | 800,000.00 |
| 2. Water Expenses | 50,000.00 |
| Kabuuang Halaga | Php 8,434,284.35 |

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**RAMON D. TAN**
Kagawad

**JUN M. ASINAS**
Kagawad

**LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**ROSELON F. PAMATMAT**
Kagawad

**ANGELITO U. LIMJUCO**
Kagawad

**OSCAR F. FELICIANO**
Kagawad

**ISAGANI R. MALAPAYA**
Kagawad

**JOHN CARLOS C. DELOS REYES**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ**
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 501-1008 / 808-2788

**OFFICE OF THE MAYOR**

OFFICE OF THE SANGG. BAYAN
Received ... 
Received: 8-10-09
Date/Time

**1st Endorsement**
August 7, 2009

Respectfully forwarded to the Honorable Members of the **SANGGUNIANG BAYAN**, thru **Ms. JEANETTE P. ALFONSO**, *Secretary,* the herewith attached **Kapasiyahan Blg. 147 - T' 2009** duly approved by the undersigned.

For information and appropriate action.

**ARIEL T. MAGCALAS**
Municipal Mayor